

1

Tinatahak ng pulang *Corvette* ang daan papunta sa bayan ng Sagay, Camiguin. Malakas ang ulan at maputik ang lupang kalsada na nalilinyahan ng mga puno ng mahogany. Inis na naihampas ni Danie ang kamay sa steering wheel.

Bakit kasi kailangan niyang umuwi pa sa Pilipinas? Heto siya at minamadali ang pagmamaneho. Ayaw niyang abutan ng dilim sa daan. Limang kilometro na lang at nasa Sagay na siya, ang bayang ayaw na sana niyang balikan.

Malinaw pa sa kanyang alaala ang unang beses na nagtungo siya sa lugar na iyon para magbakasyon. Eighteen years old siya nang unang isama ng mga magulang sa Camiguin. Nahumaling siya sa ganda ng lugar. Talagang makapigil-hininga ang mga natural landscapes. Hinayaan niya ang sarili na malunod sa ganda ng *Katibawasan Falls* kung saan may ground orchids at iba pang uri ng halaman.

Habang nakatuon ang pansin sa malinaw na tubig ay napadako ang kanyang paningin sa isang lalaking hindi maitatangi ang kaguwapuhan.

Si Jethrone, ang una niyang pag-ibig. At unang kasawian.

Dahil sa pagkabigo ay minabuti niyang mangibang-bansa at nagpasyang hindi na muling babalik ng Pilipinas. Pero ngayon ay binabaybay niya ang pamilyar na daan pauwi sa kanilang ancestral house.

Tikatik na lamang ang ulan nang marating niya ang malawak na *Hacienda de Soledad* kung saan lumaki ang ama. Ang lolo niyang si Serafino at lolang si Aurora ang sinasabing pinakamayang mag-asawa sa Camiguin.

Español ang kanyang abuelo. Nang makarating sa Pilipinas at makilala ang dalagang si Aurora ay pinili nitong iwan ang buhay sa España at pakasalan ang kanyang lola. Dahil sadyang may alam sa pagnenegosyo ay napalago nito ang dati ay maliit lamang na kabuhayan.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Danie nang marating niya ang malawak na hardin ng hacienda. Wala halos ipinagbago ang lugar. Animo'y paraiso iyon na laan para sa mga diwata ng mga bulaklak. Sa gitna niyon ay isang malaking fountain na dinadaluyan ng malinis na tubig. Kapag gabi ay maliwanag doon

kaya nakakahalinang maglagi sa lugar.

Old Spanish ang structure ng tahanan, bagay na hindi nakakapagtaka.

Takip-silim na nang iparada niya ang kanyang sasakyan sa garahe. Napansin niya ang bagong modelo na gray SUV na naroon. Hindi siya maaaring magkamali. Sa pinsang si Reian ang kotseng iyon. Naroon din kaya ang pinsan nilang si Noelle?

This had better be good, Lolo, or else...

Napapalatak si Danie sa narinig. Hindi siya makapaniwala sa ginawa ng abuelo. Buhay pa ito ay ipinatawag na silang magpipinsan at ang abogado para ipaalam ang nilalaman ng testamento nito.

Hindi nila mahahawakan at mapakikinabangan ang mahigit seven hundred million pesos na mana kung hindi sila sa Camiguin maninirahan nang permanente.

Iyon ang kondisyon ng abuelo upang makuha ang mana na hahatiin sa kanilang tatlo. Pero maninirahan sila roon ngayon, at hindi kapag wala na ito.

Siya, si Kristiana Danielle Alvarez Soledad, ay isang career woman. Matapos ang heartbreak niya

nine years ago ay itinuon niya ang sarili sa pagkuha ng Business Management. May master's degree siya sa nasabing kurso. At nasa Mexico ang family business nila.

“You can't do this to me, Lolo,” she complained. She shook her head in disbelief.

Naningkit ang mapupungay na mga mata ng dalaga. Ang perpektong mga kilay ay halos magkasalubong na dahil sa pagkakakunot ng noo. Ang kulay pulang mga labi na hugis puso ay nakasimagot.

“Ano ba ang masama kung dito kayo tumira at mamalagi sa Sagay, Hija?” tanong ng abuelo. “Kayo na lamang ang natitirang tagapagmana ko at ayokong sa iba ipamahala ang hacienda.”

Natitirang tagapagmana.

Nalungkot ang kanyang mukha nang maalaala ang aksidente five years ago. Nasawi nang sabay ang kanyang ama at ang kapatid nito na ama ni Reian. Panganay ang kanyang ama na si Daniel, pangalawa sa magkakapatid ang kanyang Tito Noel (Papa ni Noelle) at bunso ang kanyang Tito Gabriel na ama ni Reian.

Habang nasa yate ay aksidenteng nasabit sa tali ng anchor ang paa ng Tito Gabriel niya at nahulog

ito kasabay ang mabigat na bakal. Sinubukan itong sagipin ng kanyang ama ngunit dala na rin ng pagod sa matagal na paghahanap dito ay nalunod ito. Ang Tito Noel niya ay masuwerteng nasagip ng mga mangingisda sa laot. Ngunit pumanaw rin ito sa isang car accident sa Milan mahigit isang taon pa lang ang nakakaraan.

Habang nag-uusap sila ng abuelo ay nakatanghod lang si Noelle sa labas ng bintana at nakatanaw sa asul na dagat. Halatang bored na ang pinsan na mahilig sa party. Tiyak na mamaya lang ay mag-aaya ito sa mga nakapaligid na beach resorts doon. Si Reian ay tahimik na nakasalampak sa tabi ng isang mission table at tila walang pakialam sa mundo. Nakatuon ang pansin nito sa librong binabasa.

Danie had the most striking features among the three Soledad heiresses. Filipino ang ama at lola, Español ang lolo at Mexican ang ina ng dalaga.

Gusto niyang sabunutan ang kulay brown na buhok na umaabot na hanggang sa baywang niya. Parang umaalon iyon dahil sa natural na malaking pagkakulot. Sa halip ay pinisil na lamang niya ang balingusan ng matangos na ilong na namana sa inang si Altagracia.

Pinagmasdan ng matanda ang apo.

Sa height na five-seven, madalas napagkakamalan na modelo ang dalaga. Nakuha niya ang light brown na kulay ng mga mata ng mga Soledad. Napailing si Don Serafino.

“Sige, Lolo, papayag ako na tumira dito. Pero ’yun ay kung nandito rin sina Noelle at Reian para samahan ako.”

Sigurado siya na hindi papayag ang dalawa lalo na si Noelle na certified Las Vegas girl.

Nag-angat ng ulo si Reian, tanda na nakuha niya ang atensyon nito. Si Noelle ay pumihit paharap sa kanya at pinukulan siya ng makahulugang tingin. Pero walang pagtutol sa ekspresyon ng mga ito. Tatawa-tawang lumabas ng study ang abuelo kasama ang abogado nito. Napamaang siya.

Napangiti si Reian. “Ate Danie—”

“Reian, never mo akong tinawag na ‘Ate’ kahit na nga tatlong taon ang tanda ko sa iyo.”

Griyego ang ina ni Reian na si Xareña, pero sa England nag-aral ang dalaga.

“I have no problem living here, even if I have to leave my London job. Nakakapagod din ang buhay doon. Ang taas ng cost of living. Tanungin mo si

Noelle kung gusto niyang dito na lang sa Camiguin mag-party at maglalaglag.” Tumingin ito sa tinurang pinsan.

“Reian, hindi ako naglalaglag. It comes with the job.” Tumingin ito sa kanya. “It’s quite all right by me, Danie. If living here means I get to hold my two hundred million plus-plus inheritance, I’ll stay here for good. Besides, Lolo’s really old. Baka gusto niya lang ng kasama. Malay din natin, baka bukas makalawa magbago ang isip niya at siya mismo ang magpalayas sa ’tin.”

Danie could only widen her eyes in amazement. Mga pinsan ba niya ang mga ito? Ano ang nangyari at parang bigla na lang naging mukhang pera ang dalawang ito? Not that they didn’t have enough money of their own.

“Sino kayo at ano’ng ginawa n’yo sa mga pinsan ko?”

Tumawa lang si Noelle. “Hindi ka pa rin nagbabago, Danie. You never cease to make me laugh.”

“Won’t you look at the bright side, Danie? More than seven hundred million ang paghahatian nating tatlo. We get two hundred forty five million

each. 'Tapos Noelle will inherit the vacation houses in Baguio at ang asukarera sa Bukidnon. I get the *Batangas Coffee Brewery* at ang *Hacienda de Soledad*. And you, you get to inherit the townhouses in Bicol at ang restaurants natin sa Manila. Attorney Dimapilis said that we'll have equal shares of stocks sa Batangas resorts. That's like a billion pesos for each of us," detalyadong saad ni Reian.

It would appear na na-discuss na sa dalawa ang testamento bago pa siya dumating. So much for driving like a maniac to get here.

Napaisip siya. Tama si Reian, pero hindi pa rin siya kumbinsido. Sigurado siyang may ginawa ang lolo nila kaya napapayag nito ang dalawa. Kilala niya ang mga pinsan kahit pa bihira silang magkasama-sama.

Noelle would never give up the rowdy life she lead in the States. Events coordinator ito at kapitbahay nito ang *Hollywood*. Si Reian ay magaling na accountant at may matatag na trabaho sa England.

There must be a hidden agenda why these two were here.

The hotel lobby was authentically Argentinian in

style. The lobby floor was made of oak wood polished to perfection. Off-white ang mga ilaw sa reception area thereby creating an intimate illusion. Bakas ang karangyaan ng hotel dahil sa mga nakasabit na paintings na likha ng mga sikat na pintor.

Bumaba mula sa kanyang opisina si Jethrone Andrada. At the age of thirty-two, namamayagpag na ang pangalan ng binata sa hotel industry. Habang binabaybay ang grand staircase sa gitna ng hotel ay tumunog ang kanyang personal phone. Tiningnan niya ang pangalan na nag-register sa screen.

Natasha calling...

Ex- fiancée.

What did the woman want all of a sudden?

“Natasha.” His voice was cold, unsympathetic. “What is it this time?”

“Jet, we need to talk,” anang babae.

“There’s nothing to talk about, Natasha. Hindi pa ba malinaw sa ’yo kung anong klaseng kahihiyang ang ibinigay mo sa akin at sa pamilya ko?” Hindi niya maikubli ang galit sa boses.

He had only realized how thick Natasha could get.

“You need to listen to me. Meet me at the *McQueens*. Seven-thirty. I’ll be waiting.” Iyon lamang at pinutol na nito ang tawag.

Iritadong naikuyom ni Jet ang kamay sa aparatong hawak. This had to end. Pagod na siya sa mga kasinungalingan ng dating nobya.

“Ano ba talaga ang dahilan at napapayag kayo ni Lolo?” tanong niya kay Reian.

Naiinis si Danie sa dalawang pinsan. She felt a little betrayed. Hindi niya magawang paniwalaan na pera lang ang katapat ng mga ito.

“Danie, I really thought this would benefit the three of us,” ani Reian. At the age of twenty-four, may pagkatuso ang pinakabatang pinsan.

Aminado siya na mas marami itong alam kaysa sa kanya pagdating sa negosyo. Humigit siya ng hininga upang kalmahin ang sarili. Tahimik lang na nakikinig si Noelle. Obviously, nag-usap na ang dalawa tungkol dito.

“Benefit us how?”

“Sinabi ko kay Lolo na kung papayagan niya akong gawin ang gusto ko sa hacienda, sisiguraduhin

kong sasamahan n'yo ako ni Noelle dito.”

Napamulagat siya sa tinuran nito. Alam niya ang gusto nitong gawin noon pa man sa hacienda.

“Are you serious?”

“And he said yes.” Nakita niya ang pagtango ng ulo nito.

“Gigibain mo ang hacienda? Reian, this place means so much to us. Our fathers grew up here. It was their haven... ours,” mahinang dugtong niya. Lagi naman kasi silang wala roon.

“Tama ka. It *had been* their haven. That’s why I want to share it with others. I want to make people curious about this paradise. Gusto kong hanap-hanapin ng mga makakarating dito ang magic ng lugar na ito. I want *Hacienda de Soledad* to become a sort of retreat for stressed out girls like you—o kahit big boys.

“Isang tahimik na lugar kung saan puwedeng magpakatotoo ang kahit sino. Sa tingin ko, hindi iyon ipagkakait ni Daddy sa ’kin kung nabubuhay siya. It’s so peaceful here, Danie. Unfortunately, business-minded din ako and the club will only be open to those who could afford the membership fee. Or mga special guests n’yo ni Noelle. Sila lang siguro

ang exception. It will be a solace for them,” litanya ni Reian.

“Talagang napag-isipan mo na ang gagawin mo, ah. S’an kami papasok ni Noelle dito?” tanong niya.

Si Noelle ang sumalo. “Reian can’t afford such an extravagant project, Danie. Mauubos ang mamanahin niya kung siya lang ang gagastos para sa pagpapaayos nitong hacienda. Kailangan niya ng tulong natin and we’ll give it to her. *Amazon Solace* will be a business venture among us three. Tayong dalawa ang tatayong business partners niya.”

Napabuntong-hininga siya sa narinig. Tempting. Fair. Papatak na nasa twenty-five percent lamang ang hinihingi nitong tulong pinansyal mula sa kanila nila ni Noelle. Sumilay ang ngiti sa kanyang mga labi.

2

Inip na naghihintay si Natasha sa *McQueens*. Pinili nito ang VIP room para mas mabigyan sila ng privacy na makapag-usap ni Jet. Ilang baso na ng red wine ang nauubos nito ngunit wala pa rin ang binata. Tumingin ito sa relo. Nine–thirty. Dalawang oras na itong naghihintay.

Nakita nito mula sa glass window na pumarada ang midnight blue na kotse ng binata.

“Jet...” simula nito.

“Natasha, what else do you need? A formal break-up?” sarkastikong tanong ni Jethrone.

“Alam kong galit ka dahil sa pag-urong ko sa kasal natin but I have my reasons.”

Hindi siya sumagot.

Hindi niya sigurado ang nararamdaman. He was angry, yes. Pero hindi niya pa natutukoy ang tiyak na dahilan.

“Say your piece. Para makaalis na ako.”

“Jet, ayokong masaktan ka pero hindi ko

kayang magpakasal sa 'yo kung iba ang gusto kong makasama.” Nakayuko ito. “I’m in love with your cousin Trek.”

Nagdilim ang mukha niya sa narinig. Si Trek Villaraza na pinsan niya ay best man sana sa kasal nila ni Natasha. Iyon pala ay iniiputan siya sa ulo. Mas bata ito sa kanya ng dalawang taon. Kapatid na ang turing niya rito dahil nag-iisa siyang anak at halos sa poder ng magulang niya lumaki ang pinsan.

Marketing strategist ito sa *Andrada Chain of Hotels* kung saan CEO siya. Kaya siguro lagi nitong nakakausap si Natasha kapag naghihintay ang huli sa kanya. Ang hindi niya alam ay na-in love na pala ang loko sa ex-fiancée niya. At mukhang pareho ang damdamin ni Natasha rito.

Anak ng isang mayamang hotelier ang dating nobya. Hindi nito itinago ang pagkakagusto sa kanya nang una silang magkita. And he was attracted to her, too. In-encourage ng ama nito ang pagkakalapit nila. Wala ring tutol ang mga magulang niya.

Parehong makikinabang ang mga negosyo nila. Pagkatapos ng tatlong taong pagiging magkasintahan ay niyaya na niya itong pakasal. Alam niyang may pagkukulang din siya dahil sa sobrang busy niya sa trabaho. Hindi na siya nakakapaglaan ng quality time

para kay Natasha at laging si Trek ang nakakaharap nito.

Pero hindi niya mapapalampas ito.

No one messes with Jethrone Andrada and gets away with it.

Kahit pa kadugo niya ito. Sisiguraduhin niya na pagsisisihan ng pinsan niya na kinalaban siya nito. As for Natasha, wala na siyang pakialam dito. Pero walang pagsidlan ang galit niya para kay Trek sa kaalamang ito ang dahilan kung bakit malaking kahihiyang ang hinaharap ngayon ng kanyang pamilya.

“Magtago na kayong dalawa sa lugar na hindi ko mahahanap habang may panahon pa. Dahil oras na abutan ko si Trek ay pagsisisihan n’yo na isinilang pa kayo.”

Amazon Solace. A safe haven. A comfort zone. A paradise in the heart of Camiguin.

Sa loob ng maikling panahon ay completely renovated na ang *Hacienda de Soledad* o kilala na bilang *Amazon Solace* ngayon. They were officially open for business.

The pathway from the main gate was lined up

with oak trees na dati nang nakatanim sa hacienda. Wala silang pinutol na puno sa kabila ng mga inayos doon. At dahil doon ay lalong naging kaiga-igaya ang pagsa-sightseeing sa lugar kahit hindi sakay ng transportation na provided ng club. They turned the separate mansion into an accommodation that would put a five-star hotel in shame. May spa at health and recreational facilities sa club.

May iba't ibang uri ng sports activities na puwedeng salihan. Mayroong archery at firing range at may obstacle courses para sa combatant sports. Puwedeng mag-wall climbing, horseback riding at nagpatayo rin sila ng manmade lagoon for boating at water surfing.

Binuksan din ang *Hair and Wear Style Saloon* at ang *Fashion Solace Boutique*. Ang mga party animals na tulad ni Noelle ay tiyak na walang mairereklamo sa Resto Bar nila. Sa itaas na bahagi ng club ay ang lodging houses na puwedeng i-lease ng mga members.

Wala silang binago sa ancestral home ng mga Soledad. Ang nasabing mansion ang nagsisilbing tahanan ni Reian. Kasama nito roon ang kanilang Lolo Serafino kapag nasa Camiguin ito. Pero ngayon ay nasa Spain ang matanda.

Si Noelle ay nagpasyang manirahan sa isa sa mga

chalets na naroon at si Danie ay nasa penthouse sa pinakataas ng mansion-cum-hotel.

Napapaligiran ng isang giant hedge maze ang buong ancestral house at ang dating fountain sa hardin niyon ay nagmistulang parte ng maze. Ang likuran ng bahay ni Reian ay pinanatili nilang secluded area. Ito ang *Rendezvous Forest* na siyang hidden getaway ng magpipinsan. Mayroong malaking lagoon at dalawang talon doon.

Iyon ang kondisyon ni Danie sa pagpayag. Hindi nila bubuksan sa public ang bahaging iyon ng hacienda. Ayaw niyang tuluyang mawala ang alaala ng kanyang paraiso. Doon siya naglalagi kung gusto niyang mapag-isa at makaramdam ng saglit na katahimikan. Walang sinuman ang maaaring makapasok doon nang walang pahintulot mula sa kanino man sa kanilang tatlo. Mayroon silang itinalagang bantay roon. Sana nga ay manatiling sa kanila lang ang bahaging iyon.

Hawak ni Jethrone ang brochure ng *Amazon Solace*. Nakuha niyon ang kanyang atensyon dahil pamilyar siya sa lugar na iyon. He was really curious now.

The Flight Plan - Kriss Dela Roca

Bakit ginawang vacation spot ang haciendang 'to?

Lalong nabuhay ang interes niya nang mabasa ang pangalan ng COO.

Danie Soledad.

Hanggang ngayon ay masarap pa ring banggitin ang pangalan nito.

Natatandaan pa kaya niya ako? tanong niya sa sarili.

Naglibang siya sa Camiguin nang makatapos sa kolehiyo. Umuwi siya sa probinsya ng kanyang ina upang makasagap naman ng sariwang hangin. Habang pinapanood ang mga pinsan na naglalangoy sa Katibawasan Falls ay napatulala siya.

Totoo kaya na may diwata sa lugar na iyon?

Napakasuwerte niya kung totoong tao ang babaeng natatanaw. She looked like a Roman goddess who deigned to visit the falls.

Ito na yata ang pinakamagandang nilalang na nasilayan niya sa buong buhay niya. Noon din ay napagpasyahan niya na dapat niyang makilala ito.

Bakasyonista rin kaya ito na gaya niya?

And to his luck, anak pala ito ng kumpadre ng

kanyang ama. Mula noon ay lagi siyang sumasama sa ama kapag nagpupunta ang huli sa Hacienda de Soledad.

Nakapalagayang-loob agad niya ang dalaga at nang lumaon ay naging kasintahan niya ito.

Masarap palang magkaroon ng napakagandang girlfriend. Kinaiinggitan siya ng lahat ng kakilala.

Pero nagkaroon sila ng malaking di-pagkakaunawaan ni Danie. Bagay na nauwi sa kanilang paghihiwalay. Baka ngayon na ang panahon para liwanagin iyon sa pagitan nila.

Hinagip niya ang phone sa ibabaw ng mesa at kinausap ang nasa kabilang linya.

“Cess, book me a flight to Manila, then to Camiguin. And I want you to secure a membership for me at the *Amazon Solace*.”

“*Amazon Solace*? Sir, you’re going back to the Philippines?” takang tanong ng sekretarya.

“Is there a problem with that?”

“No, Sir. What do I tell the president if he wants to know of your whereabouts?”

“Just tell him I needed to go home. That something

important came up. Now, do as I ask,” aniya.

“Yes, Sir. I’ll put the plane tickets and the details of the membership on your desk right away.”

“Thank you, Cess.”

Magkikita na uli tayong dalawa, Danie.

Nahilot ni Danie ang kanyang sentido. Nakaka-stress din pala ang maging COO ng *Amazon Solace*. Wala sa usapan nila ni Reian iyon. Pero mahihindian ba niya ang pinsan? Isa pa, may investment din siya sa lugar.

Naging sikat ang kanilang lugar dahil sa ganda ng serbisyo at sa world class facilities na ini-o-offer nila. Nag-ring ang telepono.

“Hello?” sagot niya.

“Ma’am Danie,” anang sekretaryang si Misha, “Miss Celeste Arit is asking for you specifically. She’s on line two.”

“I’ll take the call.” Pinindot niya ang telepono para sa tawag. “Hello?”

“Hello. I’m calling from New York, Miss Soledad. I want to secure a membership in your club for my

boss, if I may?” anang kausap. “He’s the sole heir to the *Andrada Chain of Hotels*.”

Napaisip siya. Andrada? May kakilala siyang Andrada dati.

“Did I hear you right? You did say *Andrada Hotel*?”

“Yes, Ma’am. Could you possibly add Mr. Jethrone Andrada to your list of members?” magalang nitong tanong.

Natulig siya sa narinig. Pangalan iyon ng first boyfriend niya. Si Jethrone. Namanhid ang buo niyang katawan. Muntik na niyang nabitawan ang hawak na cordless phone. Ganito rin ang reaksyon niya nang unang nasilayan ang guwapong mukha ni Jet. Kinalma niya ang sarili upang makasagot nang maayos sa kausap.

“I’ll instruct my secretary to send you the member data sheet along with the other requirements thru e-mail. Once you’ve sent it back to me, and we received the go signal from the bank, we can process it. We’ll send a scanned copy of the ID when it’s done and your boss can pick it up upon arriving here.”

“Thank you very much, Ma’am.”

“Does he want a chalet of his own or a hotel room?” she asked.

“A cabin, I think. My boss values his privacy,” sagot ng kausap.

Inisip niya kung ano ang posibleng accommodation na babagay kay Mr. Jethrone Andrada. Tamang-tama. Available pa ang *Chalet Venice*.

“You may tell your boss that *Chalet Venice* will be assigned to him. It’ll be ready by the time he gets here. Just inform us when.”

“Thank you. ’Bye for now.”

Tinawagan niya si Misha at binigyan ito ng instructions para sa membership ni Jet. Pagkatapos ay tumayo siya at lumapit sa glass window na tumatanaw sa *Rendezvous Forest*. Naramdaman niya na sumidhi ang kabog ng kanyang dibdib.

Hindi mauubusan si Jethrone Andrada ng lugar na puwedeng puntahan. Bakit kailangang sa *Amazon Solace* pa? May iba pa kaya itong layon bukod doon? Gusto ba nito na magkita muli sila?

No. Ayaw na niyang makita ito. Sisiguruhin niya na hindi na magkukrus na muli ang mga landas nila.

Tumayo siya at nagpasyang magpalipas ng oras

sa *Rendezvous Forest*. Kailangan niya ng saglit na kapayapaan at katahimikan. Hindi siya mapakali sa posibilidad ng pagkikita nila ni Jet.

Tinakasan niya ito noon. Walang paliwanag na umalis siya sa Camiguin at hindi na nagpakita pa sa binata mula nang malaman niyang pera lang ang dahilan kung bakit siya nito niligawan. Ang akala niya ay totoong may damdamin ito para sa kanya. Nahulog siya sa matatamis na salita nito.

Isang katangahan ang mahalín ito.

Namangha si Jet sa pagpasok pa lang sa main gate ng *Amazon Solace*. Malaki ang nabago sa *Hacienda de Soledad*. Saglit niyang itinigil ang kotse at bumaba. Pinagmasdan niya ang kabuuan ng club. Wala na ang hardin sa bukana. Tanging ang mga oak trees na nakalinyang parang sundalo sa tabi ng daan ang natira.

Tanaw niya ang mala-palasyong ancestral house sa kanyang kinatatayuan. Bumalik siya sa kotse at tiningnan ang brochure na may mapa patungo sa kanyang chalet.

Magaling at may taste ang nagdisenyo ng *Chalet Venice*. Malaki ang receiving area nito na contemporary

The Flight Plan - Kriss Dela Roca

ang tema. Black and white ang dalawang magkaharap na mission couch. May glass table sa gitna. May veranda na tumutunghay sa isang secluded forest. May coffee table doon at iron chairs na perpekto para sa al fresco meals.

Ang kitchen ay gawa sa marble at granite. Kompleto ang mga gamit sa kusina mula sa china hanggang sa appliances. Double door ang malaking silver-gray refrigerator na puno ng healthy foods.

Advocate ang club ng healthy living. Nasa brochure iyon.

Maluwang ang bedroom. May sarili iyong receiving area at malaki ang four-poster bed. May entertainment center doon at tiyak na ikatutuwa ng sinumang mahilig mag-movie marathon. Carpeted ang bedroom floor nito at sa labas ay may patio na karugtong ng veranda sa living room.

Sliding glass doors ang halos lahat ng pinto sa loob ng bahay at mataas ang mga kisame. Kung tutuusin ay pampamilya ang chalet na iyon. But it really suited his taste.

3

Habang binabagtas ni Danie ang daan pabalik sa hotel, pakiramdam niya ay parang may mga matang nakamasid sa bawat kilos niya. Kinabahan siya at pasimpleng tumingin sa paligid ngunit wala siyang nakitang ibang tao roon.

Ano ba'ng iniisip mo, Danie? Sanay ka sa lugar na ito. Walang puwedeng mangyari sa iyo dito, aniya sa sarili upang maibsan ang kabang nadarama.

Sa veranda ng kuwarta ni Jethrone ay tahimik na pinagmamasdan ng binata si Danie. Lalo itong gumanda sa mga nagdaang taon. Hindi niya tuloy maiwasan na mangiti sa isiping makakadaupang-palad niya uli ang dalaga. Nang mapansin niya na nagmadali ang lakad nito at muntik nang matapilok ay mabilis siyang kumilos. Agad siyang lumabas ng bahay at dumulog sa dalagang ngayon ay hinihilot ang bukong-bukong nito.

Si Danie—lagi itong laman ng kanyang mga panaginip. Siyam na taon ang lumipas, pero hindi niya ito nakalimutan.

Nagulat si Danie nang biglang may bumuhat sa

kanya.

Si Jet!

Kailan pa ito dumating? Sa sobrang gulat ay napatitig na lang siya sa mukha nito na nakatuon sa daang nilalakaran. Ramdam niya ang lakas ng tibok ng kanyang puso na parang sasabog anumang oras. Tila bumalik lamang ang kanyang kamalayan nang ibaba siya nito at naramdaman niyang lumapat na sa lupa ang kanyang mga paa. Ngunit hindi pa rin niya maialis ang pagtitig sa mukha nito.

Ngumiti si Jet at parang may kumislot sa kanyang kaibuturan. Malakas pa rin ang epekto ng gago sa kanya.

“Kumusta na, Danie?”

Sa tono ng pananalita ng lalaki ay para bang miss na miss siya nito.

Saka lang siya natauhan. Para siyang binuhusan ng nagyeyelong tubig.

“Ano ba’ng ginawa mo?” asik niya upang pagtakpan ang kanyang pamumula. Kunwari ay galit siya ngunit ang totoo ay nangangatog ang kanyang mga tuhod.

“I don’t believe this. Ikaw na nga ang tinulungan,

ikaw pa ang galit?”

“Bakit, sinabi ko bang tulungan mo ako? Kaya ko ang sarili ko at hindi ko kailangan ng tulong lalo na kung galing sa iyo.”

“Ano ba ang ginawa ko sa iyo na hindi mo nagustuhan? Hindi naman kita tsinansingan!” gigil na sabi nito.

Pinaikot niya ang mga mata. “Just let me be. Huwag na huwag ka nang lalapit sa akin.” At tinalikuran na niya ito.

Ang tanging naiintindihan ni Danie nang mga sandaling iyon ay ang epekto ng titig ni Jet sa kanya kanina. Hindi niya maikakaila ang reaksyon ng buo niyang pagkatao. Pero mali iyon. Jet broke her heart. Paikot-ikot siya sa malaking sala ng *Soledad Mansion*—ang ancestral house at siyang residence ni Reian ngayon.

“Danie, will you please stop pacing? You’re making me dizzy,” reklamo nito.

Tumigil siya at tumitig sa pinsan. “Don’t you get it, Reian? Nandito siya. Si Jet.”

“So? Ano’ng problema kung nandito siya? Ikaw

mismo ang nagsabi na darating siya. Ikaw ang nag-aapprove ng membership. Why the fuss now? Don't tell me na affected ka pa rin after nine years."

Tumalas ang tingin niya rito. "No! I'm not affected. Pakialam ko sa kanya." Pero ramdam niya ang pamumula ng kanyang pisngi.

"Yun naman pala, eh. So kung wala ka nang problema, ipapasundo na ba kita kay Maverick para maihatid ka sa hotel?"

Bakit ba ipinagtutulakan siya nito kay Maverick?

Kung sino pa ang taong ayaw na ayaw niyang makita, siya nitong laging iniuumang sa kanya.

"Ako na ang tatawag kay Mang Tonyo. Alam mong ayoko kay Maverick," iritableng tugon niya.

"Okay. You always run, Danie. You never face your problems. That's your weakness."

"What are you talking about?" Ibinaba niya ang cellphone, inantala ang gagawing pagtawag sa driver.

"I said, you always run. Tinakbuhan mo si Jet before nang walang paliwanag. Ngayon naman you don't want to face Maverick and the love he's offering. Kelan ka ba magkakaroon ng lakas ng loob na magmahal uli?"

“Reian, since when did you care about my feelings? Tigilan mo ako. Hindi ko kailangan ng *Love Science 101* galing sa iyo.” Pero sa loob ay tanggap niya ang sumbat nito. Tama ang pinsan.

She always took flight whenever things became impossible. Simula nang mahalina niya si Jet at masaktan dahil dito ay tinuruan na niya ang puso na takasan ang lahat ng posibilidad ng bagong pag-ibig.

She was always in flight mode.

Naglalakad si Danie sa lobby ng hotel nang salubungin ng sekretaryang si Misha. Nagtaka siya kung bakit sa oras na iyon ay naroon pa ito. Dapat ay nakauwi na ito sa staff house na laan sa mga empleyado ng club. Sinipat niya ang kanyang relo. Eight-thirty na ng gabi.

Kilala niya si Misha. Worry freak ang magandang sekretarya. Baka may mga dokumento pa siyang kailangang pirmahan. O baka may aayusin pa ito para sa presentation ng venture na bubuksan nila ni Noelle.

Nang makalapit sa kanya si Misha ay agad itong nagsalita. Pormal ito kapag siya ang kaharap ngunit para itong bagong anak na tigre sa inis kapag ka-deal

ang pasaway na owner ng club na si Reian.

“Ma’am, sorry to bother you this late but I need your signature for Miss King’s contract for the summer collection,” pagbibigay-alam nito sabay lahad ng mga papeles na dapat niyang pirmahan.

Iginiya siya nito sa reception area upang mas maayos siyang makalagda. Mabilis niyang pinasadahan ang nilalaman ng kontrata bago mabilis na pinirmahan ang limang pahina niyon.

Si Noelle ang nag-suggest ng couture para sa club. Si Sharie King ay baguhan ngunit magaling na fashion designer. Ito ang kinuha nila bilang main stylist ng dress collection sa season na iyon. At kapag maganda ang acceptance, magiging permanent feature na ang *Fashion Solace*.

Nang makaalis si Misha ay saka lang niya naramdaman ang pagod. Tumingin siya sa kisame bago tumungo. Hanggang sa may kilabot na dumaan sa kanyang batok.

“Gabing-gabi na pero trabaho pa rin ang inaatupag mo,” anang boses sa likuran niya.

Pakiramdam niya ay mabubuwal siya sa kinatatayuan dahil sa panginginig ng mga tuhod. Kinailangan niyang ituon ang isang kamay sa

reception table.

“Sigurado akong hindi ka pa kumakain. Gusto mo bang samahan kita? Nagugutom na rin kasi ako,” patuloy nito.

Hinarap niya si Jet. Bakit ito nandito sa hotel? Mayroon itong chalet na kompleto sa gamit. Kung ayaw nitong magluto ay maaari itong um-order at magpa-deliver sa *Chalet Venice*.

Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis upang pagtakpan ang kayang kaba. Nakita niyang biglang nagbago ang ekspresyon ng binata. Parang naguluhan ito sa ipinakita niya.

“Good evening, Mr. Andrada,” sabi niya.

Nakita niyang naningkit ang mga mata nito. He had jet-black eyes na nakakatunaw kapag tumitig. Lihim siyang natuwa sa reaksyon nito.

“No need to be so formal, Danie. Hindi mo kailangang maglagay ng unseen barrier sa pagitan natin.” Napakalapit nito sa kanya.

Halos magkadikit na ang kanilang mga katawan at ramdam niya ang init ng hininga nito. Hindi siya makahinga dahil sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Parang may nakabara sa kanyang lalamunan,

bagay na lalong nagpahirap sa kanya. Ramdam niya ang maliliit na boltahe ng kuryente na dumadaloy sa kanyang katawan.

Saan ba kasi nanggagaling ang kuryenteng iyon?

“So, ano ba’ng maipaglilingkod ko, Jet?” Masarap ulit-ulitin ang pangalan nito na parang siya lamang ang may karapatan na sambitin iyon.

“I have a business proposal for you. That’s one of the reasons why I am here.”

Napalunok siya nang bumaba ang tingin nito sa kanyang mga labi.

Reasons.

So, may iba pa itong dahilan kaya umuwi ng Pilipinas? Kasama kaya siya sa mga iyon? Dapat ba siyang umasa?

“Hindi ako ang may-ari ng club. If you have a business proposal, I think you’d better set an appointment with Reian.”

“I don’t need your cousin for the business I’m talking about. Ikaw lang ang kailangan ko,” saad nito na may mapanuksong ngiti sa mapupulang labi.

Na parang kay sarap halikan.

O, tukso...

Nakaramdam siya ng panic. Parang nahi-hypnotize siya habang nagsasalita ito.

Red alert! Red alert! sigaw ng utak niya.

Kailangan niyang maging wary sa agenda ng lalaking ito. Baka kailangan uli niyang i-on nang todo ang flight mode niya.

“Then, I’m not interested in your business proposal. At ikaw na rin ang nagsabi, gabi na kaya tapos na ang trabaho,” aniya.

“Kung gan’un, dapat sinabi mo sa sekretarya mo na bukas mo na lang pipirmahan ang mga papeles na dala niya.”

“Ano ba ang pakialam mo?” talak niya. Nawawala na ang poise niya dahil sa kung anong kakaibang nararamdam para kay Jet bukod sa inis.

“Wala nga siguro. Have dinner with me tonight, Danie. You need to eat anyway. Then, let me discuss my proposal informally,” pamimilit nito.

At wala na siyang lakas para tumanggi pa rito.

“Well, now that you mentioned it, gutom na nga ako.” Nagpatiuna na siya patungo sa restaurant ng

hotel.

Pumayag siya sa dinner invitation ni Jet?

Wala na talaga siya sa sarili.

Ramdam ni Misha ang tensyon nang pumasok ito sa opisina. Kadalasan ay hindi nito nakikita si Reian sa office building lalo na kapag ganitong araw ng Lunes. Hindi ugali ng main owner ng *Amazon Solace* na pumasok sa trabaho nito.

Lahat ng responsibilidad nito ay ipinasa na sa mabait na pinsang si Danie.

But today would seem to be no ordinary day. Dinig na dinig ng sekretarya ang hysterical voice ni Reian na halos gumiba sa buong building. Nang lumabas ang dalaga ay kita ni Misha ang pamumula ng mukha nito dahil sa pinaghalong inis at galit. Ibinagsak pa nito ang pinto.

Bakit kaya nag-tantrums na naman ang isang 'yun? tanong ng empleyada sa isip.

Mayamaya ay lumabas na rin sina Danie at Noelle. Pinakagusto ni Misha si Noelle na Marketing Director at ng *Amazon Solace*. Palangiti kasi ito at cool na cool. Kung si Reian ay mahirap ispelingin sa tindi

ng mood swings, si Danie naman ay napakaseryosong tao.

“Misha, I need all the documents regarding the *Rendezvous Forest ASAP*,” utos ni Danie.

Sa palagay ni Misha ay may kinalaman sa secluded forest ang pag-aalboroto ni Reian.

“Can’t you consider it, Danie? Reian has a point,” ani Noelle sa kalmadong boses.

Kaaabot lang ni Misha ng mga dokumento na hinihingi niya. Nasa office sila ng sekretarya at sinabihan niya ito na ikuha sila ni Noelle ng kape.

Nakaupo ang pinsan sa isang Afghan couch sa gitna ng opisina samantalang hinigit niya ang isang bakanteng swivel chair.

“I know,” sabi na lang niya.

“Then, I think you should sleep on it. Sabihin mo kay Misha na sa kanya na lang ang kape ko.” Iyon lang at umalis na ito.

She’s asking too much, aniya sa sarili, si Reian ang iniisip.

Lumapit siya sa bintana at tumanaw sa labas. Hindi niya maunawaan kung bakit bigla na lamang

nagpumilit ang pinsan na buksan ang *Rendezvous Forest* sa mga members at guests ng club.

Wala siyang alam na posibleng dahilan maliban na lamang kung kinausap at nakumbinsi ni Jet si Reian sa proposal nito. Kailangan niyang malinawan ang lahat.

Pagbalik ni Misha ay inutusan niya ito na humingi ng appointment kay Jethrone Andrada. Kaagad nitong kinumpirma ang isang business lunch nang tanghali ring iyon.

Pumasok siya sa private office niya at pinasadahan ang sarili sa isang full-length mirror na naka-install sa gilid ng malaking bookshelf.

Why do I even bother? naguguluhang tanong niya sa sarili.

Hindi mapigilan ni Jet ang mapangiti nang matanggap niya ang tawag ng sekretarya ni Danie. Mukhang tama ang kanyang desisyon na kausapin si Reian. Ipinaalam niya sa nakababatang Soledad na gusto niyang mabigyang-linaw ang lahat ng nangyari sa pagitan nila ni Danie nine years ago. Basta na lang kasi itong nawala at hindi na nagpakita sa kanya. Nakatanggap na lamang siya ng pasabi mula rito na

nakikipag-break na ito sa kanya.

Nang walang malinaw na dahilan. Hindi niya alam ang dahilan. Hindi naman nagdalawang-isip si Reian na tulungan siya. Kumindat pa ito sa kanya at sinabing baka may pag-asa pa para sa kanila ng pinsan nito.

Makahulugan ang tinuran nito—at least—para sa kanya. Biglang may sumibol na pag-asa sa dibdib niya. Baka mayroon pa siyang babalikan. Sayang kung hindi man lang niya susubukan. Noon ay halos mabaliw siya tuwing naiisip na sa iba mapupunta si Danie. Tuwing sumasagi sa utak niya na may iba itong kasama ay sumasakit ang mga kalamnan niya, pumapait ang bibig niya.

No, hindi niya kaya na mapunta ito sa iba. Lalo na ngayong nagkita na silang muli.

Pagkatapos maligo ay kinuha niya ang isang black shirt at isinuot iyon. Hapit iyon sa katawan kaya kitang-kita ang matipuno niyang dibdib at balikat, ang patag na tiyan.

You look like a demi-god, inosenteng saad ni Danie noon.

Napailing ang binata sa alaala.

Tinernuhan niya ang suot ng faded jeans at rubber shoes. Ang basang buhok ay tinuyo lamang niya ng tuwalya. Hindi na siya nag-abalang suklayin pa iyon.

Habang papalabas ng *Chalet Venice* ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Natasha. Wala sa isip na sinagot niya ang tawag at narinig ang sarili na kalmadong nakikipag-usap sa dating katipan. Ni wala siyang makapang galit sa puso niya.

Ito ba ang epekto ni Danie sa 'kin?

Parang anesthesia ang dalaga na pumawi sa lahat ng sakit at galit na nadama niya para sa pinsan at sa taksil niyang ex-girlfriend. Danie was the warm spring to his cold winter. Tingin niya ay maganda at positibo ang lahat.

Handa na siyang maging kaibigan muli ni Natasha, sinabi niya iyon dito kanina bago putulin ang tawag. Napatawad na rin niya ang pinsang si Trek. Hindi rin niya kayang manatiling galit dito. Kilala niya si Trek at mahalaga ito sa kanya. Alam niyang hindi rin nito kagustuhan ang nangyari kung may pagpipilian din lang.

Sadyang reasonable siyang tao. Nakalimot lang siya sandali. But Danie enabled him to see reason

The Flight Plan - Kriss Dela Roca

again.